# *FACT SHEET:* **Transit**

## *Proyekto ng El Camino Real Bus Rapid Transit (BRT)*

### Ano ang BRT?




Ang Bus Rapid Transit (BRT) ay isang katawagan sa isang pinahusay na sistema ng bus na nagkakaloob ng mas mabilis, mas madalas ang daan ng bus at mas kombenyente para sa kustomer kung ikukumpara sa isang ordinaryong linya ng bus. Ito ay makakamtan sa pamamagitan ng pagpapaganda sa mga kasalukuyang daan o kalye, mga istasyon ng bus at traffic signal na imprastraktura. Inihahandog ng BRT ang kadaliang umangkop ng mga bus at ang pagka-maaasahan ng rail o tren.

### Bakit BRT sa El Camino Real?

Ang El Camino Real ay kasalukuyang ang isa sa may pinaka-busy na koridor sa Route 22 at Rapid 522 na mga bus. Ang VTA at ang mga lungsod ay naghahanda para sa panghinaharap na increase ng populasyon at paglago ng mga negosyo sa pamamagitan ng pagtatayo ng isang transit network para sa kasalukuyan at sa kinabukasan. Ang layunin ay makapagtayo ng sustainable at palaban na mga opsyon sa transportasyon para sa hinaharap.

### Paglalarawan sa Proyekto

Ang Proyektong El Camino Real Bus Rapid Transit (BRT) ay magpapa-upgrade sa kasalukuyang Rapid 522 na serbisyo ng bus mula sa Palo Alto hanggang sa downtown San Jose. Ang proyekto ay magpapaunlad sa koridor ng El Camino Real sa pamamagitan ng pagpapatupad ng mga pang-bus lamang na daanan sa ilang mga lokasyon, pagkakabit ng mga tila pang light-rail na istasyon na magdudulot ng mas mabilis at mas madalas na dumadaang serbisyo ng bus.Maaari rin magdagdag ng mga daanan ng bisikleta sa El Camino Real. Ang iminumungkahing serbisyo ay kinabibilangan ng mga lungsod ng Palo Alto, Los Altos, Mountain View, Sunnyvale, Santa Clara at San Jose. Ang Proyekto ng El Camino Real ay ang ikalawa sa tatlong mga linya ng BRT na pinangunahan ng Santa Clara/Alum Rock BRT, at sinundan ng Stevens Creek BRT.










***Nagkakaloob ng mga Solusyon sa Transit sa Santa Clara***

# Proyekto ng El Camino Real Bus Rapid Transit




*Iminumungkahing istasyon ng BRT.*

Ang serbisyo ng El Camino Real BRT ay makakabilang ang mga sumusunod:

- **Mga Espesyal na Sasakyan** – Hybrid, komportable at modernong looban, at Wi-Fi on board
- **Pinagandang Mga Istasyon** – Proteksyon sa lagay ng panahon, live na pagpapakita ng schedule, at mga amenity para sa pasahero
- **Mabilis na Pagsakay** – Ang mga makinarya para sa pagpapalabas ng tiket at pagsakay sa lahat ng mga pintuan ay nangangahulugan na mas mabilis na mga paghinto
- **Bus-Lamang na Daan sa Ilang Mga Lugar** – Mapapahintulutan nito ang mga bus na malampasan ang trapiko – na mas mabilis ang biyahe biyahe
- **Priyoridad sa Signal ng Transit** – Pinapabilis ang tulin sa pamamagitan ng pananatiling berde ang mga ilaw sa mga pagparating na bus
- **Mabilis, Madalas, at Maaasahan** – Paglilingkod tuwing sampung (10) minuto

## Mga Pakinabang ng Proyekto

**Mas Mabilis ang Biyahe:** Mga pagpapahusay sa buong koridor, lalo na sa bagong pang-bus lamang na daan, na nangangahulugang mas mabibilis na biyahe.

**Mga Pagpapahusay sa Kaligtasan:** Ang Kaligtasan ay ang pangunahing priyoridad sa VTA. Ang mga istasyon ay may mas magagandang pailaw, mababang palapag sa pagsakay sa bus at mga camera na pang-seguridad.

**Mas Dumaming Sumasakay:** Inaasahan ng VTA ang isang matinding pagdami sa sasakay dahil sa isang pangkalahatang pagbaba sa oras ng biyahe at mas mabisang paggamit sa koridor.

## Iminungkahing Schedule ng Proyekto

| | |
|---|---|
| Paunang Pagpaplano | Mayo 2010-Agosto 2013 |
| Pasya ng VTA Board sa Alternatibong Proyekto | Huling Buwan ng 2015 |
| Pagbabalangkas sa Proyekto | 2016 – 2017 |
| Konstruksyon | 2018 - 2020 |

## Halaga ng Proyekto at Pagpopondo

Ang tinatantiyang halaga para sa El Camino Real BRT na proyekto ay $90-240 milyon. Ang pagpopondo sa proyektong ito ay nagmumula sa mga dolyar ng Measure A. Naghahangad rin ang VTA ng pagpopondo sa pamamagitan ng Small Starts Program ng FTA (Federal Transit Administration).

## Paano Maaaring Makipag-Ugnayan sa Amin

Para sa karagdagang impormasyon sa proyekto ng El Camino Real BRT, mangyari lamang makipag-ugnayan sa VTA Community Outreach (408) 321-7575, TTY para sa may kahinaan sa pandinig (408) 321-2330. Maaari rin kayong bumisita sa amin sa web sa *www.vta.org/el-camino-brt*, o magpadala ng email sa amin sa *community.outreach@vta.org*.

***VTA Mission:*** *VTA provides sustainable, accessible, community-focused transportation options that are innovative, environmentally responsible, and promote the vitality of our region.*